# KABANATA 5 (KABAn Ng Akademikong TAlasalitaan gamit ang 5 Makrong kasanayan): Pagsusuri sa Makrong Kasanayan gamit ang Talasalitaan upang Mapaunlad ang Antas ng Pang-unawa sa akdang Florante at Laura sa Ikawalong Baitang



**GERALDINE S. RODRIGUEZ-ANDAM, LPT.**
Teacher I
Mamplasan National High School

**ABSTRACT NG PANANALIKSIK**

Ang Asignaturang Filipino sa ika-8 baitang ay pumapaksa sa mga literatura na sumasaklaw sa iba't ibang bansa na nagpapakita ng kultura na mayroon ang mga ito. Sa Ikaapat na markahan ay ating mababatid na ang akdang Florante at Laura ay kinapapalooban ng mga salita na mahirap maunawaan sapagkat malalim ang gamit dito na siyang mang-iiwan ng katanungan sa isip ng mga mag-aaral.

Ang aksyong pananaliksik na ito ay naglalayong ilunsad ang KABANATA 5 (KABAn Ng Akademikong TAlasalitaan gamit ang 5 Makrong kasanayan): Pagsusuri sa Makrong Kasanayan gamit ang Talasalitaan upang Mapaunlad ang Antas ng Pang-unawa sa akdang Florante at Laura sa Ikawalong Baitang. Layunin nitong mapataas ang antas ng pang-unawa sa akdang Florante at Laura at matukoy ang kakayahan sa limang makrong kasanayan ng mga mag-aaral sa Ika-8 baitang taong panuruan 2022-2023.

Ang mga naging kalahok sa aksyong pananaliksik na ito ay ang mga piling mag-aaral mula sa Ika-8 baitang ng Mamplasan National High School taong panuruan 2022-2023. Ito ay may kabuuang bilang na 244 na mag-aaral mula sa ika-8 baitang sa taong panuruan 2022-2023. Apatnapu (40) o 16% sa mga mag-aaral na nabibilang sa antas ng pagkabigo ayon sa resulta ng Phil-IRI nang unang markahan.

Ang kinalabasan ng pagsusuri sa kontroladong pangkat ay ($x$ =16.85) habang ang mean score ng eksperimental na grupo ay ($x$ = 25.10), nagpapakita na mas mataas ang average na score ng mga mag-aaral sa eksperimental na pangkat. Maaari nating bigyang kahulugan na mayroong pagkakaiba sa antas ng pang-unawa sa paraang pananaliksik sa pagitan ng kontroladong pangkat at eksperimental na pangkat. Ang pagkakaiba ng mga mean score sa pagitan ng kontroladong at eksperimental na pangkat ay labis na makabuluhan sa 0.05 level of confidence. Nangangahulugan ito na mayroong malaking epekto ang eksperimental na pangkat sa pagtaas ng mga mean score ng mga mag-aaral kumpara sa kontroladong pangkat sa panapos na pagsusulit. Ang

PROYEKTONG KABANATA 5 na gumamit ng talasalitaan sa pagpapaunlad ng pang-unawa sa akdang Florante at Laura.

Ang mga natuklasan ay nagpapakita na ang paggamit ng PROYEKTONG KABANATA 5 na paggamit ng talasalitaan sa pagpapaunlad ng antas ng pang-unawa, ay mas epektibo kaysa sa tradisyonal na paraan ng pagtuturo ng Florante at Laura.

**Susing Salita:** talasalitaan, Florante at Laura, antas ng pang-unawa

**PANIMULA**

Ang Asignaturang Filipino sa ika-8 baitang ay pumapaksa sa mga literatura na sumasaklaw sa iba't ibang bansa na nagpapakita ng kultura na mayroon ang mga ito. Sa Ikaapat na markahan ay ating mababatid na ang akdang Florante at Laura ay kinapapalooban ng mga salita na mahirap maunawaan sapagkat malalim ang gamit dito na siyang mang-iiwan ng katanungan sa isip ng mga mag-aaral.

Kaungay nito, ang mga pamamaraan sa pagtatalakay ng paksa ay nakatuon sa mga kasanayan sa pagganap o "Performance skill" ng mga mag-aaral. Ngunit kabilang din ang Paglinang ng Talasalitaan na nahahanay sa k-12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino taong 2016 ng Mayo. Sa mga lumipas na mga taon, ito ang naging hamon sa mga guro sa Filipino ang kakulangan ng mga mag-aaral sa kasanayan sa Bokabularyo higit lalo sa akdang Florante at Laura sapagkat napapahapyawan na lamang ang pagbibigay pansin sa mga talasalitaan at hindi nabibigyang diin na siyang nagdudulot ng pagbaba ng antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral.

Lubos nga nating makikita ang paglinang sa pamamaraang pagganap, ngunit isaalang-alang din natin ang pang-unawa na siyang tutulong upang mas mapataas at maging epektibo ang pagkatuto sa akdang Florante at Laura.

Kaugnay nito, ang aksyong saliksik na ito ay naglalayong maitaas ang kalidad ng pang-unawa ng mga mag-aaral sa Ikawalong Baitang gamit ang mga Talasalitaan na matatamo sa mapapanood na maikling bidyo ng Florante at Laura. Kabahagi nito ay ang pagsusuri sa paggamit ng limang makrong kasanayan na siyang tatasa sa kakayahan ng mga mag-aaral sa Ikawalong baitang.

Ayon sa kinalabasan ng Phil-IRI (The Philippine Informal Reading Inventory) na isinagawa sa paaralan ng Mamplasan National High School at sa tulong ng mga guro sa Filipino, nabatid ko na may suliraning kinakaharap ang mga mag-aaral partikular sa pang-unawa sa binabasa o pagkakaroon ng mababang kasanayan sa bokabularyo. Ito ang naging dahilan kung bakit mababa ang nakukuhang marka ng ilang mag-aaral. Dagdag pa rito ay ang pagdating ng pandemya na kinaharap ng bansa na syang naging dahilan upang malayo ang mga mag-aaral sa kaalamang kanilang kailangan.

Kaugnay nito, ayon sa pag-aaral ng Center for Learning and Assessment Development-Asia (CLAD) taong (2022) "Ang mga resultang ito ay magkatugma para sa literasiya ng mga Pilipino kung saan 1.3% pa rin ang hindi mambabasa at 19.39% ay hindi pa rin umaabot sa buong saklaw ng kasanayan sa pagbasa at pagsulat sa Filipino sa antas ng sekondarya."

Ang inilahad na resulta na isinagawa ng proyekto ng Phl-IRI at iba pang ahensiya na nangangasiwa sa antas ng pang-unawa ang nagbukas ng pagkakataon na maisagawa ang aksyong saliksik na ito upang matulungan, magabayan at mapataas ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral ng Mamplasan National High School sa tulong ng Paglinang ng Talasalitaan na mabibigyang kahulugan.


Ang kalalabasan ng aksyong saliksik na ito ang tutulong upang mapataas ang antas ng pang-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral sa akdang Forante at Laura sa Ikawalong baitang. Dagdag pa rito, matutukoy ang kakayahan sa paggamit ng limang makrong kasanayan at maging sa Paglinang ng Talasalitaan.

## METHODOLOGY

Ang Aksyong pananakiksik na ito ay mabisang pamamaraan na isinagawa ng tagapagsaliksik upang mabatid kung tumaas ang antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral sa tulong ng mga kagamitan sa pananaliksik. Ang guro ay maglalaan ng mga bidyo ng akdang Florante at Laura kada linggo na ipapanood sa mga mag-aaral. Matapos mapanood, ay magsusulat ng limang talasalitaan at gagamitin ito sa pangungusap. Dito ay tatawag ang guro ng mag-aaral na pupunta sa unahan ng klase upang ibahagi ang kanilang gawa.

Ang tagapagsaliksik ay bumuo ng interbensiyon upang matugunan ang suliranin na kinakaharap ng mga mag-aaral sa Ikawalong baitang sa antas ng pang-unawa sa akdang Florante at Laura at sa pagsusuri ng limang makrong kasanayan. Ang Bidyo na ipapanood ang magsisilbing kagamitan upang maisakatuparan ang aksyong pananaliksk na ito. Makikita sa grapikong presentasyon na ito ang magiging proseso ng aksyong pananaliksik ng Proyektong KABANATA 5:

**Pigura 1. Paradima ng Pag-aaral (IPO Model)**




Tunay nga na malaking hamon para sa mga mag-aaral, magulang at Guro ang pagkakaroon ng mababang antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral na siyang nagreresulta ng pagbaba ng pagkatuto ng mga ito na makikita sa kinalabasan sa ulat ng MPS at resulta ng kanilang Diagnostic. Kaisa nito ay ang pang-unawa sa binasang akda na Florante at Laura na nagtataglay ng mga malalalim na salita na hindi pamilyar sa lahat kung kaya't ang aksyong pananaliksik na ito ang tutugon at mabgbibigay ng solusyon sa suliranin na dinaranas.

Ang tagapagsaliksik ay gagamit ng Project KABANATA 5 sa tulong ng quasi-experimental na disenyo na kung saan bahagi ang Kontroladong pangkat at Eksperimental na pangkat sa pag-aaral.

Ang Kontroladong pangkat ay magpapakita o maglalahad ng tradisyonal na pagtuturo samantala, ang Eksperimental na pangkat naman ay gagamiting ng Proyektong KABANATA 5. Ang Paunang pagsusulit at panapos pagsusulit ang makakabatid ng makabuluhang pagkakaiba ng antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos maipatupad ang proyekto.

Ang mga naging kalahok sa aksyong pananaliksik na ito ay ang mga piling mag-aaral mula sa Ika-8 baitang ng Mamplasan National High School taong panuruan 2022-2023. Ito ay may kabuuang bilang na 244 na mag-aaral mula sa ika-8 baitang sa taong panuruan 2022-2023. Apatnapu (40) o 16% sa mga mag-aaral na nabibilang sa antas ng pagkabigo ayon sa resulta ng Phil-IRI nang unang markahan.

Ang aksyong pananaliksik na ito ay isinagawa sa dalawang seksyon ng ika-8 baitang. Napili ng tagapagsaliksik ang mga kabahagi ng pag-aaral sapagkat ito lamang ang seksyon na hinahawakan. Ayon sa porsyento ng kalagayang ulat, ang bilang ng mga tagasagot sa bawat seksyon ay kikilalanin


Ang pananaliksik na ito ay masusing susundin ang mga pamamaraan ng pag-aaral na inilunsad para sa paglinang ng pang-unawa. Ang unang bahagi na isasagawa sa pag-aaral ay pagsusumite ng liham na magpapatibay sa pag-aaral, pagsasagawa ng oryentasyon sa mga mag-aaral at magulang at paghahanda ng mga instrumento at materyales na gagamitin.

Sa ikalawang bahagi naman, ang pagsasagawa ng pag-aaral. Dito magsisimulang mangasiwa ng paunang pagsusulit at pangangasiwa ng panapos na pagsusulit.

Sa hulung bahagi naman, magaganap ang pangangalap at pagsasaayos ng mga datos, pagtataya sa mga nakalap na

impormasyon at ang pinal na pagtatapos ng kabuuang pananaliksik.

Ang aksyong pananaliksik na ito ay masusing susundin ang mga pamamaraan ng Proyektong KABANATA 5 na inilunsad para sa pagtaas ng pang-unawa.




Ang mananaliksik ay magtatala ng mga resulta ng panimula at panapos na pagsusulit at susuriin ang resulta ng mga ito. Gagamit ng mga akmang istatistika upang masukat ang kaangkupan at katanggapan ng mga datos.

**Talahanayan 2. Interpretasyon sa Resulta ng Pagsusulit**

| ANTAS NG PANG-UNAWA | % | MARKA |
|---|---|---|
| Lubos na Mahusay (LM) | 90-100 | 33-40 |
| Mahusay (M) | 75-89 | 25-32 |
| Di Gaanong Mahusay (DGM) | 50-74 | 17-24 |
| Mababang Kahusayan (MK) | 25-49 | 9-16 |
| Walang Kahusayan (WK) | 0-24 | 0-8 |

## RESULTA

1. Ano ang *mean score* na nakuha ng mga mag-aaral sa paunang pagsusulit na nabibilang sa
   a. pangkat na kontrolado;
   b. pangkat na eksperimental?

**Talahanayan 2. Bilang ng mga mag-aaral sa paunang pagsusulit**

| | Kontrolado | | Eksperimental | |
|---|---|---|---|---|
| | f | % | f | % |
| Lubos na Mahusay (LM) | 0 | 0 | 0 | 0 |
| Mahusay (M) | 0 | 0 | 0 | 0 |
| Di Gaanong Mahusay (DGM) | 0 | 0 | 0 | 0 |
| Mababang Kahusayan (MK) | 9 | 45 | 7 | 35 |
| Walang Kahusayan (WK) | 11 | 55 | 13 | 65 |
| Mean | 7.55 | | 7.50 | |
| Interpretasyon | Walang Kahusayan (WK) | | Walang Kahusayan (WK) | |

Ayon sa talahanayan 2, ang eksperimental na pangkat ay mayroong 0 o (0%) na mga mag-aaral na lubos na mahusay, mahusay, di gaanong mahusay, at mababang kahusayan. Samantala, ang kontroladong pangkat ay mayroong 0 o (0%) na mga mag-aaral na lubos na mahusay, mahusay, di gaanong mahusay, at mababang kahusayan. Ang eksperimental na pangkat ay mayroong 13 o (65%) ng mga mag-aaral na walang kahusayan, samantalang ang kontroladong pangkat ay mayroong 11 o (55%) ng mga mag-aaral na walang kahusayan.

Ito ay nagpapahiwatig na ang karamihan sa mga mag-aaral ay nasa antas ng Walang Kahusayan (WK). Kaya't ito ay senyales na iisa ang paunang kaalaman bago isagawa ang aksyong pananaliksik.

2. Ano ang mean score na nakuha ng mga mag-aaral sa panapos pagsusulit na nabibilang sa
   a. pangkat na kontrolado;
   b. pangkat na eksperimental?

**Talahanayan 3. Bilang ng mga mag-aaral sa paunang pagsusulit**

| | Kontrolado | | Eksperimental | |
|---|---|---|---|---|
| | f | % | f | % |
| Lubos na Mahusay (LM) | 0 | 0 | 0 | 0 |
| Mahusay (M) | 1 | 5 | 10 | 50 |
| Di Gaanong Mahusay (DGM) | 10 | 50 | 9 | 45 |
| Mababang Kahusayan (MK) | 9 | 45 | 1 | 5 |
| Walang Kahusayan (WK) | 0 | 0 | 0 | 0 |
| Mean | 16.85 | | 25.10 | |
| Interpretasyon | Di Gaanong Mahusay (DGM) | | Mahusay (M) | |

Batay sa mga datos na nasa talahanayan 3, sa kontroladong grupo, may 1 o (5%) na mag-aaral na kabilang sa Mahusay (M), 10 o (50%) ay nabibilang sa Di gaanong mahusay (DGM), 9 o (45%) ay nabibilang sa Mababang Kahusayan (MB) at walang mag-aaral na lubos na mahusay (LM) o walang kahusayan (WK).

Sa eksperimental na grupo naman, mas mataas ang antas ng pang-unawa sapagkat may 10 o (50%) ng mga mag-aaral na kabilang sa mahusay (M), 9 o (45%) bilang ng di gaanong mahusay (DGM), at 1 o (5%) ay kabilang sa mababang kahusayan (MK).

Ito ay nagpapahiwatig na ang paraang pananaliksik na ginamit sa eksperimental na grupo ay mas epektibo sa pagpapabuti ng antas ng pang-unawa gamit ang PROJECT KABANATA 5 kumpara sa kontroladong pangkat na gamit ang tradisyunal na

pamamaraan sa pagturo ng Florante at Laura.

Ang mean score ng kontroladong pangkat ay 16.85 habang ang mean score ng eksperimental na grupo ay 25.10, nagpapakita na mas mataas ang average na score ng mga mag-aaral sa eksperimental na pangkat. Maaari nating bigyang kahulugan na mayroong pagkakaiba sa antas ng pang-unawa sa paraang pananaliksik sa pagitan ng kontroladong pangkat at eksperimental na pangkat.

3. Mayroon bang pinagkaiba sa resulta ng *mean score* sa dalawang pangkat sa panapos na pagsusulit?

**Talahanayan 4. Pag-aanalisa sa panapos na pagsusulit ng dalawang pangkat**

| | | Mean | Degrees of freedom | Critical t value | Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|
| Panapos na Pagsusulit | Kontrolado | 16.85 | 19 | 0.000 | **Significant (*Makabuluhan*)** |
| | Eksperimental | 25.10 | | | |

**$^{*}p < .05$**

Kaugnay sa talahanayan 4, mayroong malaking pagkakaiba sa mga *mean score* ng kontrolado at eksperimental na pangkat sa panapos na pagsusulit. Ang kontroladong pangkat ay may *average* na *score* na 16.85 samantalang ang eksperimental na pangkat ay may *average* na *score* na 25.10.

Ang *critical t value* na p<0 ay mas mababa kaysa sa mga *critical t values* na may kaugnayan sa 0.05 level of confidence para sa 19 df. Ibig sabihin, ang pagkakaiba ng mga *mean score* sa pagitan ng kontroladong at eksperimental na pangkat ay labis na makabuluhan sa 0.05 *level of confidence*.

Nangangahulugan ito na mayroong malaking epekto ang eksperimental na pangkat sa pagtaas ng mga *mean score* ng mga mag-aaral kumpara sa kontroladong pangkat sa panapos na pagsusulit. Ang PROYEKTONG KABANATA 5 na gumamit ng talasalitaan sa pagpapaunlad ng pang-unawa sa akdang Florante at Laura.

**PAGTATALAKAY**

Ang pananaliksik na ito ay mabisang pamamaraan na isinagawa ng mananaliksik upang malaman kung ang epektibo ang pangangalap ng talasalitaan sa mga piling akdang pampanitikan upang malinang ang pang-unawa ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang sa tulong ng mga kagamitan sa pananaliksik.

Ang guro ay maghahanda ng mga akdang pampanitikan at maglalaan ng oras upang basahin ang akda upang makuha ang mga matalinghagang salita na ginamit ng akda. Matapos maisagawa ang pagkolekta ng mga talasalitaan, bibbigyan nila ito ng kahulugan base sa kanilang pagkakaunawa.

Sa tulong nito, mauunwaan ng mga mag-aaral ang kabuuang nilalaman ng isang akda. Kaugnay nito, ang pananaliksik na ito ang magiging batayan upang masa at mapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang.

Batay sa naging resulta ng pag-aanalisa, nagpapahiwatig na ang paraang pananaliksik na ginamit sa eksperimental na pangkat ay mas epektibo sa pagpapabuti ng antas ng pang-unawa gamit ang PROJECT KABANATA 5 kumpara sa kontroladong pangkat na gamit ang tradisyunal na pamamaraan sa pagturo ng Florante at Laura.

Ang mga natuklasan ay nagpapakita na ang paggamit ng PROYEKTONG KABANATA 5 na paggamit ng talasalitaan sa pagpapaunlad ng antas ng pang-unawa, ay mas epektibo kaysa sa tradisyonal na paraan ng pagtuturo ng Florante at Laura. Hindi lamang ito nakaka-engganyo sa mga mag-aaral sa isang masaya at interaktibong paraan, ngunit nagpapabuti rin ito ng kanilang akademikong paglinang sa Filipino.

Sinusuportahan ng pananaliksik na ito ang pagpapatupad ng PROYEKTONG KABANATA 5 bilang isang epektibong kasangkapan sa pagpapabuti ng mga pangunahing kasanayan sa pagbasa, pagsulat, pang-unawa, pakikinig, pagsasalita, panunuod at pagpapasidhi ng mas malalim na pag-unawa sa mga konsepto sa akdang pampanitikan.

Ang pananaliksik na ito ay mabisang pamamaraan na isinagawa ng mananaliksik upang mabatid kung tumaas ang antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral sa tulong ng mga kagamitan sa pananaliksik. Kapansin-pansin na sa tulong nito ay matutukoy ang kabisaan sa pagpapaunlad ng talasalitaan sa

mga piling akdang pampanitikan. Ang pananaliksik na ito ay kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral upang mapaunlad ang bokabularyo ng mga ito at malinang ang pang-unawa sa mga akdang pampanitikan.

Makatutulong ito sa mga guro sa Filipino upang magsilbing gabay at batayan sa pagbuo ng mga planong upang mapataas ang antas pang-unawa ng mga mag-aaral. Gayundin sa mga mananaliksik na magsisilbing instrumento sa mga susunod na kasanayan at datos ng pagtatasa sa antas ng pang-unawa. Ang mga ito ay may kaugnayan sa pagpapaunlad ng talasalitaan na tutulong sa paglinang ng pang-unawa sa mga akdang mababasa.

Ang pagsasagawa ng PROYEKTONG KABANATA 5 na paggamit ng talasalitaan sa pagpapaunlad ng antas ng pang-unawa ay mayroong malaking epekto sa pag-aaral. Una, sa pamamagitan ng paggamit ng talasalitaan, ang mga mag-aaral ay itinuturo ang kahalagahan ng pag-intindi sa mga detalye at pagkuha ng mas malalim na kahulugan ng mga salita. Ito ay nagpapalawak ng kanilang kamalayan sa iba't ibang aspekto ng isang paksa at nagbibigay-daan sa kanila na magkaroon ng mas matibay na pundasyon ng kaalaman.

Ang paggamit ng talasalitaan ay nagbibigay din ng oportunidad para sa mga mag-aaral na mag-isip nang malalim at maging mapanuri sa mga konsepto sa akdang Florante at Laura. Ito ay nagpapabuti sa kanilang kakayahan na mag-analisa at maglabas ng mga opinyon batay sa mga natutunan nila, na nagiging bahagi ng proseso ng pagpapaunlad ng kanilang pang-unawa.

## PAGKILALA


Ang mananaliksik ay nais magpasalamat ng lubos sa mga sumusunod para maisakatuparan ang pagsasaliksik na ito.

Ang **Panginoong Makapangyarihan** sa lahat para sa pagbibigay ng kaalaman, lakas, pagtitiis, at determinasyon. Dahil sa Kanya, ang pagkumpleto ng pag-aaral na ito ay naging isang realidad.

Kay **G. Marwin A. Andam** at **Dmitry Rabbi R. Andam**, kanyang asawa at anak, para sa kanilang pang-unawa, pagmamahal, at suporta na nag-inspirasyon sa kanya na magtrabaho sa pagsasaliksik na ito at makita ito hanggang sa katapusan.

Kay **Gng. Eleonofebiatriz A. Marasigan**, Punong Guro, para sa patuloy na suporta sa pagpayag na maisagawa ng mananaliksik ang pagsasaliksik na ito.

Kay **Bb. Kristela Janine A. Hortal**, kanyang ng pagsasaliksik sa paaralan, para sa kanyang pahintulot at buong suporta sa buong pagkumpleto ng gawain na ito.

Kay **G. Edward R. Manuel**, SEPS para sa Planning and Research, para sa kanyang matiyagang pagtataguyod ng kapaligiran ng pagsasaliksik sa mga paaralan sa Biñan City.

Sa lahat ng mga **mag-aaral ng Ikawalong baitang ng Mamplasan National High School (Batch 2022-2023**) na naging mga kalahok sa pagsasaliksik, hindi maaaring magkaroon ng aktwalisasyon ang pagsasaliksik na ito kung hindi sa kanilang kagustuhan at kooperasyon.

Sa lahat ng mga kasamahan lalo na sa **MNHS Family**, para sa kanilang mga panalangin at moral na suporta.

At huli, sa kanyang **pamilya** at mga **kaibigan**, para sa kanilang mapagbigay na pag-uugali at tulong-pinansyal na nagbigay sa kanya ng inspirasyon na hindi sumuko at magpatuloy.


## SANGGUNIAN


Department of Education (2016). K to 12 Gabay Pangkurikulum sa FILIPINO (Baitang 1-10). K to 12 Basic Education Curriculum. University Press. 1983. pp. 27-29. Nakalimbag

Dawkins, L. D. (2017). Factors influencing student achievement in reading. (Doctoral dissertation), Walden University, MN.

De Leon, E. (2018). Tuklas-Diwa Pagbasa Panunuri Panaliksik Filipino 2. Metro Manila. LORIMAR Publishing Inc.

Department of Education (2016). K to 12 Gabay Pangkurikulum sa FILIPINO (Baitang 1-10). K to 12 Basic Education Curriculum.

DepEd Order No. 18, series of 2017. Retrieved from https://tinyurl.com/yctjgcqp . (Accessed last August 15, 2018).

Fancher, E. (2013) "Comparison of Methods of Analysis For Pretest and Posttest Data"https://www.semanticscholar.org/paper/COMPARISON-OF-METHODS-OFANALYSIS-FOR-PRETEST-AND-PFancher/7cffe0

Flavell, John (1976). Theory of Learning in Educational Psychology. Retrieved from https://tinyurl.com/ycqekshm. (Accessed last August 11, 2018)

Gray, William. S. On Their own Reading. Addison-Wesley Educational Publishers, 1996. pp. 34-36. Nakalimbag

Gottardo, A., Mirza, A., Koh, P. W., Ferreira, A., & Javier, C. (2018). Unpacking listening comprehen sion: The role of vocabulary, morphological awareness, and syntactic knowledge in reading compre hension. Reading and Writing, 31, 1741–1764. https://doi.org/10.1007/s11145-017-9736-2

K to 12 Gabay Pangkurikulum Mayo 2016. Retrieved from https://tinyurl.com/y8ggp4lh. (Accessed last July 29, 2018).

Magno, Carlo. (2022). Planning for the Learning Recovery: The Philippine Experience. 4. 1-17.

Republic Act No. 10533, May 15, 2013; Implementing rules and regulations, September 4, 2013 www.officialgazette.gov.ph/2015/11/06/batas-republika-blg-10533 2nd ed.Scottsdale, AZ: Gorsuch Scaresbrick.1989. pp.18-21. Nakalimbag.

Saligang Batas ng Pilipinas (1987). Retrieved from https://goo.gl/UaMwUr . (Accessed last August 15, 2018)

UNESCO (June, 2021). UNESCO COVID-19 Education Response, Education Sector Issue Notes: Recovering lost learning: What can be done quickly and at scale? Retrieved from https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000377841



**Address**: P. Burgos St., Brgy. Sto. Domingo, Biñan City, Laguna
**Contact Nos.**: (049) 547-0105 / (+63) 939-510-8779
**Email Address**: deped.binancity@deped.gov.ph
**Website**: depedbinan.com